

Serbisyong Pang-koordinasyon Lamang

Ang mapagkukunan na ito ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa paggamit ng Serbisyong Pang-koordinasyon Lamang sa Dibisyon ng Kapansanan sa Pag-unlad o (DDD). Ang isang karapat-dapat na tao ay maaaring pumili upang makatanggap ng Koordinator ng Serbisyo ng Kapansanan sa Pag-unlad o (DD) nang hindi nasa isang waiver. Kapag nais ng isang tao ang koordinasyon ng serbisyo, ang Managed Care Organization (MCO) o ang Department of Health and Human Services (DHHS) ay nag-aatas ng isa. Tinutulungan ng Case Manager o Koordinator ng Serbisyo o (SC) ang pag-access sa mga mapagkukunan at hinihikayat ang pagiging malaya, produktibo, at pakikibahagi sa komunidad.

- A. Para sa mga indibidwal na hindi nakikilahok sa Medicaid Home and Community-Based Services (HCBS) Waiver, ang mga serbisyo ng koordinasyon ng serbisyo ay maibibigay sa tatlong paraan:
1. Ang Case Management ay isang serbisyong sakop ng Medicaid State Plan para sa mga indibidwal na miyembro ng Medicaid at humihiling ng koordinasyon ng serbisyo. Maaaring gamitin ng mga indibiduwal ang serbisyong ito sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa kanilang MCO.
 2. Kapag ang isang indibidwal ay hindi nais na makatanggap ng Case Management sa pamamagitan ng kanilang MCO, maaari silang magkaroon ng isang SC na itinalaga sa pamamagitan ng DDD.
 3. Kapag ang isang indibidwal ay hindi kwalipikado para sa Medicaid ngunit nais na makatanggap ng koordinasyon ng serbisyo, magagawa nila ito sa pamamagitan ng pagbabayad para sa serbisyo sa pamamagitan ng kakayahang magbayad.
 - a. Ang kakayahang magbayad ay ang halagang itinakda ng DHHS para sa isang tao na 19 taong gulang o mas matanda upang magbayad para sa koordinasyon ng serbisyo ng DD kapag nakakatugon sila sa mga kwalipikasyon para sa pagiging karapat-dapat sa DD ngunit hindi karapat-dapat para sa Medicaid.
 - b. Ang isang SC ay hindi itatalaga hanggang:
 - i. Ang kakayahang magbayad ay natukoy na.
 - ii. Ang tao ay binigyan ng kaalaman tungkol sa halaga.
 - iii. Pumayag na bayaran ito ng taong iyon.
 - c. Kapag ang isang tao ay tumatanggap ng Serbisyong Pang-koordinasyon Lamang at nawawalan ng karapatang makatanggap ng Medicaid, tutulungan sila ng SC sa pag-kumpleto ng mga papeles upang matukoy ang kanilang kakayahang magbayad.
 - d. Ang indibidwal na tumatanggap lamang ng Koordinasyon ng Serbisyo sa ilalim ng kakayahang magbayad ay bubuwisan buwan-buwan para sa serbisyong ito.
- B. Ang mga sumusunod na kinakailangan ay dapat matugunan upang makatanggap ng koordinasyon ng serbisyo ng DD:
1. Ang tao ay dapat tumanggap ng Medicaid o sumasang-ayon sa kakayahang magbayad;
 2. Ang isang tao ay hindi dapat na nakatira sa isang institusyon, gaya ng pasilidad para sa katamtamang antas ng Pangangalaga ng mga may kapansanan sa pag-iisip (ICF/IID) o isang pasilidad sa pag-aalaga (NF); at
 3. Ang taong ito ay hindi dapat makilahok sa isa pang HCBS Waiver.
 - a. Ang mga May Edad at May Kapansanan (AD) at ang Traumatic Brain Injury (TBI) na mga Waiver ay nagbibigay ng koordinasyon ng serbisyo.
 - b. Ang Medicaid ay nagbibigay ng bayad para sa serbisyo sa koordinasyon sa ilalim ng isang waiver sa bawat pagkakataon.
- C. Pinipili ng isang tao kung sila'y tatanggap ng Serbisyong Pang-koordinasyon Lamang. Ang pasiya ay maaaring gawin sa anumang oras.
1. Kapag tinanggihan ng isang tao ang Koordinasyon ng Serbisyo Lamang ngunit nagpasya silang gamitin ang serbisyo sa ibang pagkakataon, maaari nilang hilingin ito sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa DDD Central Office sa dhhs.DDDCommunityBasedServices@Nebraska.gov o libreng tawag sa (877) 667-6266.
- D. Mga pananagutan ng SC:

1. Pagsasagawa ng taunang pagtatasa para sa antas ng pangangalaga sa ICF/IID at pag-oorganisa ng mga karagdagang pagtatasa ayon sa pangangailangan.
2. Pagsasagawa ng pagpapalano ng serbisyo at pagbuo ng mga layunin ng serbisyo sa pamamagitan ng:
 - a. Pagtukoy ng angkop na mga mapagkukunan upang matugunan ang mga pangangailangan ng tao. Kabilang dito ang mga likas na suporta (tulad ng pamilya, mga kaibigan, o mga kapitbahay) o mga mapagkukunan na hindi sa ahensya.
 - b. Bumuo ng Plano na Nakasentro sa Indibidwal o (PCP), na kinabibilangan ng mga non-waiver na serbisyo na tumutugon sa mga layunin ng tao.
3. Tumutulong sa:
 - a. Pag-aapply sa mga programa ng DHHS, katulad ng Medicaid o Economic Assistance;
 - b. Pagsusumite ng aplikasyon para sa iba pang mga programa, gaya ng mga serbisyo ng organisasyong pangkomunidad, tulong sa pabahay, mga serbisyong legal, Social Security, o Rehabilitasyong Bokasyonal; at
 - c. Ang Individual Educational Plan (IEP) para sa mga estudyante sa pamamagitan ng pagdalo sa pagpupulong na pinangungunahan ng paaralan at pagtanggap ng kopya ng IEP.
4. Sinusubaybayan ang PCP sa pamamagitan ng:
 - a. Pagtatasa kung natutugunan ng plano ang mga pangangailangan ng tao nang regular;
 - b. Gumagawa ng buwanang pakikipag-ugnayan sa tao; at
 - c. Suriin ang plano nang kahit minsan sa isang taon sa taong iyon.